Ang pinakamasagwa sa mga tao sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw ng ṣalāh niya." Nagsabi ito: "Papaano po siyang magnanakaw ng ṣalāh niya?" Nagsabi siya: "Hindi siya nagpapalubos ng pagyukod dito ni ng pagpapatirapa rito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang pinakamasagwa sa mga tao sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw ng ṣalāh niya." Nagsabi ito: "Papaano po siyang magnanakaw ng ṣalāh niya?" Nagsabi siya: "Hindi siya nagpapalubos ng pagyukod dito ni ng pagpapatirapa rito."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Ḥibbān]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamatindi sa mga tao sa kapangitan sa pagnanakaw ay ang nagnanakaw mula sa ṣalāh niya. Iyon ay dahil ang pagkuha ng ari-arian ng iba ay baka mapakikinabangan sa Mundo, na kasalungatan ng magnanakaw na ito sapagkat tunay na siya ay nagnakaw ng karapatan ng sarili niya mula sa gantimpala at pabuya ni Allāh. Nagsabi sila: "O Sugo ni Allāh, at papaano po siyang magnanakaw mula sa ṣalāh niya?" Nagsabi siya: "Hindi siya nagpapalubos ng pagyukod dito ni ng pagpapatirapa rito." Iyon ay dahil sa nagmadali siya sa pagyukod at pagpapatirapa, kaya hindi siya nakapagsasagawa ng dalawang ito sa pinakalubos na paraan.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65100